

Public Service Announcement

Magparehistro na Ngayon upang bumoto online

Ang Maagang Pagboto ay magaganap mula Oktubre 9 hanggang 18 — kinakailangan ang pagpaparehistro

VAUGHAN, ON (Setyembre. 1, 2026) – Ang mga karapat-dapat na botante ng Vaughan ay maaari nang **magparehistro ngayon upang bumoto online** sa 2026 Halalang Munisipal ng Vaughan. Ang panahon ng Maagang Pagboto ay magaganap mula **Biyernes, Oktubre 9 hanggang Linggo, Oktubre 18**, na nagbibigay sa mga botante ng pagkakataong bumoto online bago ang Araw ng Pagboto.

Ang Maagang Pagboto ay isasagawa lamang online at kinakailangan ang maagang pagpaparehistro. Ang mga botante ay dapat na [magparehistro](#) upang bumoto online bago ang Huwebes, Oktubre 15.

Bago magparehistro para sa online na pagboto, dapat ay **nasa Listahan ng mga Botante** na ang mga botante. Para tingnan ang iyong katayuan o mapasama sa Listahan ng mga Botante, bisitahin ang voterregistration.vaughan.ca.

Para makumpleto ang proseso ng pagpaparehistro, kakailanganin ng mga botante ng:

- katanggap-tanggap na pagkakakilanlan
- natatanging email address

Kapag nakarehistro na, matatanggap ng mga botante ang kanilang mga kredensiyal sa online na pagboto sa pamamagitan ng email, kabilang ang:

- natatanging 16 na digit na PIN
- link sa platform ng online na pagboto

Huwag nang maghintay – magparehistro na ngayon sa vaughan.ca/elections.

Pagboto Online

Magbubukas ang online na pagboto nang **12 a.m. sa Biyernes, Oktubre 9** at magsasara nang **11:59 p.m. sa Linggo, Oktubre 18**.

Maaaring bumoto online ang mga karapat-dapat na botante sa isa sa tatlong paraan:

- gamit ang mobile device, tablet, o computer
- sa isang kiosk ng pagboto sa internet sa isang lokasyon ng Mga Pampublikong Aklatan ng Vaughan sa regular na mga oras ng negosyo

Public Service Announcement

- may tulong sa isang Sentro ng Tulong sa mga Botante

Ang mga botanteng pipiliing bumoto **nang personal** sa **Araw ng Pagboto, Lunes, Oktubre 26**, ay makakatanggap ng hiwalay na abiso ng botantee na may mga detalye tungkol sa kanilang nakatalagang lokasyon ng botohan.

Sentro ng Tulong sa mga Botante

Ang mga kawani ng Elections Vaughan ay handang tumulong sa mga residente na:

- kailangan ng access sa isang device.
- nangangailangan ng tulong sa paggamit ng platform ng online na pagboto.
- kailangang maidagdag sa Listahan ng mga Botante.
- kailangang magparehistro para sa online na pagboto.

Bisitahin ang alinman sa mga sumusunod na lokasyon para sa suporta:

- **Vaughan City Hall** (2141 Major Mackenzie Dr.)
 - Oktubre 9 hanggang 11 at Oktubre 13 hanggang 18
 - 10 a.m. Hanggang 8 p.m.
- **Al Palladini Community Centre** (9201 Islington Ave.)
 - Oktubre 9 hanggang 11 at Oktubre 13 hanggang 18
 - 10 a.m. Hanggang 8 p.m.
- **Vellore Village Community Centre** (1 Villa Royale Ave.)
 - Oktubre 9 hanggang 11 at Oktubre 13 hanggang 18
 - 10 a.m. Hanggang 8 p.m.
- **North Thornhill Community Centre** (300 Pleasant Ridge Ave.)
 - Oktubre 9 hanggang 11 at Oktubre 13 hanggang 18
 - 10 a.m. Hanggang 8 p.m.
- **Promenade Mall** (1 Promenade Cir.)
 - Oktubre 9 at Oktubre 13 hanggang 16
 - 10 a.m. Hanggang 8 p.m.
 - Oktubre 10 at Oktubre 17
 - 10 a.m. Hanggang 6 p.m.
 - Oktubre 11 at Oktubre 18
 - 11 a.m. Hanggang 6 p.m.

Mga tanong? Makipag-ugnayan sa Elections Vaughan sa elections@vaughan.ca o 905-832-2281, o bisitahin ang vaughan.ca/elections.

Public Service Announcement

Para sa mga update at balita sa oras na mangyari ang mga ito, mag-subscribe sa [Vaughan News](#) at i-follow ang mga opisyal na corporate channel sa [X](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#).

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca